California Secretary of State

CaliforniaSOS
CaliforniaSOS_
CASOSvote
Californiasos

# Buod na Impormasyon para sa Pambuong-estadong Espesyal na Halalan sa Nobyembre 4, 2025

**Mahahalagang Deadline:**

Magsisimulang magpadala ng mga balota ang mga county....Okt 6
Pagpaparehistro upang Bumoto....Okt 20
Pagpaparehistro ng Botante na may Kondisyon....Okt 21–Nob 4
Pagsasauli ng balota sa pamamagitan ng koreo*....Nob 4

*Ang mga balota sa pamamagitan ng koreo ay dapat may petsang selyo sa o bago ang Nobyembre 4 at matanggap ng mga tanggapan ng mga halalan ng county nang hindi lalampas sa Nobyembre 12.

### Paano ako magpaparehistro para bumoto?

Magparehistro upang bumoto o i-update ang iyong pagpaparehistro online sa registertovote.ca.gov. Kung nais mong punan ang pisikal na form, makakahanap ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante sa mga post office, tanggapan ng halalan ng county, at mga aklatan.

### Paano kung hindi ako umabot sa deadline sa pagpaparehistro ng botante?

Kung hindi mo maaabutan ang deadline ng pagpaparehistro upang bumoto, maaari ka pa ring pumunta sa iyong tanggapan ng halalan ng county, vote center, o lugar ng pagboto sa o bago ang Araw ng Halalan upang kumpletuhin ang conditional voter registration (madalas na tinatawag na "Same Day Voter Registration"). Makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang vote.ca.gov.

### Paano kung kailangan kong suriin ang aking voter registration status?

Upang suriin ang iyong voter registration status, maaari mong gamitin ang “My Voter Status” tool sa voterstatus.sos.ca.gov.

### Kailan ko matatanggap ang aking balota?

Ang lahat ng aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo para sa halalan sa Nobyembre 4, 2025. Ang Oktubre 6, 2025 ay, ang huling araw para magsimulang magpadala ng mga balota ang mga county.

### Kailan ko matatanggap ang aking Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado?

Ang mga rehistradong botante ay makakatanggap ng kanilang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado sa pamamagitan ng koreo mula sa tanggapan ng Kalihim ng Estado ilang linggo bago ang Araw ng Halalan. Magiging available din ito online sa voterguide.sos.ca.gov.

### Paano kung kailangan ko ng pamalit na balota?

Kung hindi mo natanggap ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo, o kung nawala o nasira ang iyong orihinal na balota, maaari kang mag-apply para sa pamalit na balota.

Ang aplikasyon para sa pamalit na balota ay makikita sa https://elections.cdn.sos.ca.gov/vote-by-mail/pdf/replacement-application.pdf.

Maaari ka ring humiling ng kapalit na balota mula sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county sa pamamagitan ng telepono, email, fax, o iba pang electronic na paraan.

### Paano ko maibabalik ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng:

- Pagpapadala nito sa pamamagitan ng koreo sa iyong opisyal ng halalan sa county,
- Paghulog nito sa drop box ng balota o sa isang lugar ng pagboto saanman sa estado, o
- Paghiling sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na isauli ito para sa iyo, basta’t hindi sila binabayaran batay sa bawat balotang kanilang isinusumite.

### Paano ko mahahanap ang aking lugar ng pagboto, vote center, o drop box?

- Bisitahin ang caearlyvoting.sos.ca.gov para mahanap ang pinakamalapit na lokasyon ng drop box.
- Makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng mga mga halalan ng county.

### Paano ko matutunton ang aking balota upang malaman kung ito ay natanggap at nabilang?

Maaaring makatanggap ang mga botante ng abiso tungkol sa status ng kanilang balota sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pag-sign up sa tool na “*Where’s My Ballot?*”.

Mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov upang makatanggap ng mga awtomatikong update sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o voice call. Maaari ka ring pumunta sa voterstatus.sos.ca.gov upang malaman kung nabilang ang iyong boto.